
Paano mag-tsek ng mga detalye gaya ng Tagal ng Pagtigil para sa mga Bagong Residence Cards



Ibinase sa impormasyon mula sa Immigration Services Agency official website.

Ang Immigration Services Agency ay nagsimulang maglabas ng mga bagong disenyo ng residence cards noong Hunyo 14, 2026. Dahil sa ang “Tagal ng Pagtigil,” “Uri ng Permiso,” at “Petsa ng Permiso” ay hindi na nakalagay sa mga bagong Residence Cards, kailangan ninyong gamitin ang Residence Card Reader Application sa pag-tsek nitong impormasyon.



Sa kasalukuyang paggamit ng App ay hindi makikita o mababasa ang detalye ng Bagong Residence card, Subalit, simula Agosto 19, ang App para sa pagbasa ng Bagong Residence card ay lalong pinabuti na kung saan ay makikita o mababasa ang lahat ng detalye na nakasaad, **kaya atin pong gamitin o i update ang bagong version ng app.**

Para sa mas maraming detalye, mangyaring tingnan ang Immigration Services Agency homepage.

Residence Card Reader Application

https://www.moj.go.jp/isa/applications/procedures/rcc-support.html

Ang “My Number Card Face-to-Face Verification App” na inilaan nang Digital Agency ay isang app na bumabasa ng IC chip na nasa My Number card. Kung kayo ay ay mayroong **Specified Residence Card, na gumagana rin bilang** My Number card, maaari ninyong gamitin itong app para ma-tsek ang inyong taglay na pagtigil, atbp.

My Number Card Face-to-Face Verification App (kasalukuyan iOS lang)

https://services.digital.go.jp/mynumbercard-check-app/